

Patnubay para sa Pagpapalano ng Transisyon

**Paghahanda ng mga Batang may
Kapansanan para Lumipat Mula sa
Paaralan Patungo sa mga
Naaangkop na Kahahantungan
Pagkatapos ng Edukasyong
Segundaryo**



Ang Maryland State Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland) ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinagmulan, relihiyon, kapansanan, o sekswal na oryentasyon pagdating sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay ng kakayahang makagamit ng mga programa. Para sa mga katanungan kaugnay sa patakaran ng Kagawaran, makipag-ugnayan sa Equity Assurance and Compliance Branch, Office of the Deputy State Superintendent for Administration, Maryland State Department of Education, 200 West Baltimore Street, 6th Floor, Baltimore, Maryland 21201-2595, Telepono: 410-767-0433, Fax: 410-767-0431, TTY/TDD: 410-333-6442, www.MarylandPublicSchools.org.

Ang dokumentong ito ay binuo at isinagawa ng Maryland State Department of Education (MSDE), Division of Special Education/Early Intervention Services (Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Palingkuran para sa Maagang Pamamagitan), sa pamamagitan ng Individuals with Disabilities Education Act o IDEA (Batas Pang-edukasyon para sa mga Taong may Kapansanan), **Part B Grant -# H027A090035**, na pinopondohan ng U.S. Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos), Office of Special Education and Rehabilitative Services (Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at ng mga Palingkurang Pangrehabilitasyon). Hindi awtomatikong nangangahulugan na ang mga pananaw na ipinahayag dito ay nagsasalaman ng mga pananaw ng U.S. Department of Education o ng iba pang pampederal na ahensiya at mga Programa. Ang MSDE, Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Palingkuran para sa Maagang Pamamagitan ay tumatanggap ng pagpopondo mula sa Tanggapan ng mga Programa ng Espesyal na Edukasyon (Office of Special Education Programs), Office of Special Education and Rehabilitative Services, U.S. Department of Education.

Walang copirayt na sumasaklaw sa dokumentong ito. Hinihimuk ang mga mambabasa na kopyahin at ipamahaagi ang naturang impormasyon, pero mangyaring bigyan ng nararapat na pagkilala sa MSDE, Division of Special Education/Early Intervention Services.

James H. DeGraffenreidt, Jr.
Presidente
Pang-estadong Lupon ng Edukasyon

Nancy S. Grasmick
Pang-estadong Superintendente ng mga Paaralan

Carol Ann Heath
Katulong na Superintendente ng Estado
Division of Special Education/Early Intervention Services

Martin O'Malley
Gubernurador

**Patnubay para sa Pagpapalano ng Transisyon:
Paghahanda ng mga Batang may Kapansanan para Lumipat
Mula sa Paaralan Patungo sa mga Naaangkop na
Kahahantungan Pagkatapos ng Edukasyong Segundaryo**

Maryland State Department of Education
Division of Special Education/Early Intervention Services
Enero 2010

Talaan ng mga Nilalaman

Impormasyon para sa Pantahanang Talaan ng Pagpapalano ng Transisyon	1
Pangkalahatang Pananaw ukol sa Transisyon	2
Ang Batas na Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) ng taong 2004	3
Pagpapalano ng Transisyon	5
Pagtatapos	5
Ang Maryland Exit Document	6
Ang Pagka-intitulado Laban sa Pagkamarapat	7
Mga Ahensiya ng Palingkurang Pang-adulto ng Maryland	8
1. Developmental Disabilities Administration (DDA) ng Maryland	8
2. Division of Rehabilitation Services (DORS)	14
3. Mental Hygiene Administration ng DHMH.....	17
4. Division of Workforce Development and Adult Learning.....	25
Ang Tungkulin ng Magulang sa Pagpapalano para sa Pagtransisyon	30
Ang Tungkulin Ng Mag-Aaral Sa Pagpapalano Ng Transisyon	31
Ang Proseso ng Pagtransisyon: Pakikipag-ugnay sa Ahensiya.....	32

Impormasyon para sa Pantahanang Talaan ng Pagpapalano ng Transisyon

Inaantabayanang Petsa ng Pagtatapos ng Pag-aaral:

Magtatapos ang aking anak nang may: High School Diploma (Diploma ng Pagtatapos ng Mataas na Paaralan) ng Maryland
_____ High School Certificate of Program Completion (Sertipiko ng Pagkumpleto ng Programang Pang-mataas na Paaralan) ng Maryland

Magtatapos ang aking anak ng: *(Kurso ng Pag-aaral)*

Tatanggap ang anak ko ng kopya ng kanyang Academic and Career Plan (Planong Pang-akademiko at Pang-karera) sa: *(Petsa)*

Tatanggapin ng anak ko ang kanyang Exit Document (Dokumento ng Pagtatapos) sa: *(Petsa)*

Mga bagay na isasama sa **Pantahanang Talaan ng Pagpapalano ng Transisyon**:

Pinakahuling IEP _____

Pinakahuling Pagtatasang Pangkaisipan _____

Pinakahuling Pagtatasang Pang-edukasyon _____

Isang ulat ng kita (mula sa bawa't taga-empleyo) _____

Isang listahan ng anumang mga gantimpala* _____

Kopya ng anumang sulat ng mga papuring pagbati* _____

Kopya ng mga sertipiko ng pagkalugod* _____

*Ang mga bagay na ito ay hindi kinakailangang may kaugnayan sa paaralan.

Pangkalahatang Pananaw ukol sa Transisyon

Ano ang gagawin namin bilang mga adulto?

Paano namin iyon mararating?

Ang **Patnubay ng Pagpapalano ng Transisyon** ng State Department of Education ng Maryland ay nagtutuon ng pansin sa paglipat ng inyong anak na may kapansanan mula sa paaralan patungo sa mga naangkop na kahahantungan pagkatapos ng edukasyong sekundaryo at sinusupportahan nito ang paghahanda para sa paglipat patungo sa susunod na yugto sa kanilang buhay. Hindi lahat ng mga mag-aaral ay may magkakaparehong layunin at kahahantungan. Upang maging matagumpay dapat magkaroon ang lahat ng mga mag-aaral ng mga layunin para sa hinaharap na trabaho maging full o part time pa man, o trabahong may kasamang tulong. Dapat magkaroon ang lahat ng mga mag-aaral ng mga layunin at kahahantungan para sa edukasyon at pagsasanay pagkatapos ng edukasyong sekundaryo na kakailanganin nila upang matamo ang kanilang mga layuning pang-employo. Maaaring magkaroon ang inyong anak ng pati mga natatanging layunin para sa pamumuhay nang sarili.

Ipinahahayag ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) na ang pakay ng naturang batas ay “para tiyakin na lahat ng mga batang may kapansanan ay may pagkukuhanan ng libre at naaangkop na edukasyong pampubliko na nagbibigay-diin sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na palingkuran na binuo upang mapunan ang kanilang mga natatanging pangangailangan at maihanda sila para sa pagtatrabaho at pamumuhay nang sarili.” Ang muling pagbigay ng awtorisasyon sa IDEA noong 2004 ay naglalakip ng sadyang partikular na pananalita tungkol sa pagpapalano ng transisyon at mga kahahantungan pagkatapos ng edukasyong sekundaryo para sa mga bata. Binibigyang-diin ng naturang batas ang pangangailangan para sa sama-samang pagsisikap ng mag-aaral, mga tagapagturo, mga magulang, at mga tagapaglaan ng serbisyong panlipunan upang suportahan ang mag-aaral habang nagpupunyagi itong matamo ang kanyang mga layunin at resulta. Ang patnubay na ito ay nakalaang tumulong sa mga magulang, mag-aaral, tagapagturo, at tagapaglaan ng serbisyong panlipunan para makabuo ang mga ito ng mga matatalinong pakikipag-ugnayan. Ang naturang patnubay ay makakapagbigay din sa mga magulang ng impormasyon na kakailanganin sa proseso ng pagpapalano.

Ang patnubay na ito ay hinubog upang makabuo ng **mga matatalinong pakikipag-ugnayan** para sa proseso ng pagpapalano ng transisyon. Ang paglipat mula sa paaralan patungo sa mga naaangkop na pang-adultong aktibidad ay nangangailangan ng kolaborasyon ng mag-aaral, pamilya, tauhan ng paaralan, at mga ahensiya ng komunidad.

Ang patnubay na ito ay magbibigay ng mga detalye tungkol sa mga sumusunod na paksa.

- Ang mga Kahilingan ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) ng taong 2004 para sa Pagpapalano ng Transisyon
- Ang Pagpapalano ng Transisyon

- Mga Kahilingan para sa Diploma ng Pagtatapos ng Mataas na Paaralan ng Maryland at sa Sertipiko ng Pagkumpleto ng Programa ng Mataas na Paaralan ng Maryland
- Ang Maryland Exit Document
- Ang Pagka-intitulado Laban sa Pagkamarapat
- Mga Palingkuran ng Ahensiya
 1. Division of Rehabilitation Services (DORS)
 2. Developmental Disabilities Administration o DDA (Pangasiwaan ng mga Kapansanan kaugnay sa Kaganapan ng Gulang)
 3. Pangasiwaan ng Kalusugang Pangkaisipan (Mental Hygiene Administration o MHA)
 4. Department of Labor, Licensing and Regulation – Division of Workforce Development and Adult Learning (Kagawaran ng Paggawa, Pagpapalisensiya at Reglamento – Dibisyon ng Pagpapaunlad ng Lakas Pantrabaho at Pang-adultong Pag-aaral)
- Impormasyon tungkol sa mga Palingkuran ng Pagsuporta sa Kapansanan Pagkatapos ng Edukasyong Segundaryo
- Tungkulin ng mag-aaral sa pagpapalano ng transisyon
- Tungkulin ng magulang sa pagpapalano ng transisyon
- Ugnayan para sa Transisyon

Ang Batas na Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) ng taong 2004

Ipinapaliwanag ng IDEA 2004 ang transisyon bilang “nilikha upang manatili sa loob ng isang prosesong nagpapahalaga ng mga resulta at nagtutuon ng pansin sa pagpapabuti ng mga napagkakayanang akademiko at pamumuhay ng batang may kapansanan upang makatulong sa paglipat ng bata mula sa paaralan patungo sa mga aktibidad na pang-pagkatapos ng edukasyong segundaryo”. Nililiwanag ng mga patakaran para sa IDEA 2004, na inilabas noong Agosto 14, 2006, na ang pakay ng mga palingkurang pantransisyon ay “nilikha upang mapunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga mag-aaral at ihanda sila para sa karagdagang edukasyon, empleyo, at sariling pamumuhay.”

Bukod dito, ipinaliliwanag din na ang mga palingkurang pantransisyon ay isang isinaayos na kabuuan ng mga aktibidad para sa mag-aaral na may kapansanan na:

- Nilikha upang manatili sa loob ng isang prosesong nagpapahalaga ng mga resulta at nagtutuo ng pansin sa pagpapabuti ng mga napagkakayanang akademiko at pampamumuhay ng batang may kapansanan upang makatulong sa paglipat ng bata mula sa paaralan patungo sa mga aktibidad na pang-pagkatapos ng pag-aaral, kabilang ang mas mataas sa edukasyong; edukasyong pang-bokasyon; suportadong empleyo; nagpapatuloy at pang-adultong edukasyon; mga palingkurang pang-adulto; pamumuhay nang sarili o pakikibahagi sa komunidad;
- Batay sa indibidwal na pangangailangan ng bata, nang may pagsasaalang-alang sa kanilang mga lakas, kagustuhan at interes; at
- May kasamang pagtuturo, mga kaugnay na palingkurang, mga karanasan sa komunidad, pagbuo ng empleyo at iba pang mga adhikain kaugnay sa pamumuhay ng adulto pagkatapos ng pag-aaral, at kung naaangkop, ang pagkakaroon ng mga kakayahan para sa pang-araw-araw na pamumuhay at pagtatasa para sa praktikal na bokasyon.

Sa Maryland, ang pagpapalano ng transisyon at ang pagkakaloob ng mga palingkurang pantransisyon ay nagsisimula sa taong pampaaralan kung kailan nagiging 14 na taong gulang ang mag-aaral.

Pagpapalano ng Transisyon

Ang layunin ng pagpapalano ng transisyon ay makatulong sa mga mag-aaral na may kapansanan habang umaabante sila sa kanilang pag-aaral at naghahandang mamuhay sa mundo ng mga adulto. Ang mga pang-adultong aktibidad ay maaaring maging isang kombinasyon ng alinman sa mga sumusunod:

- Empleyo
- Edukasyong mas mataas sa edukasyong sekundaryo
- Pagsasanay para sa empleyo
- Sariling pamumuhay
- Pakikibahagi sa komunidad
- Mga palingkurang pang-adulto

Ang pagpapalano ng transisyon para sa kinabukasan ng mag-aaral ay nagsisimula sa paaralang elementarya habang isinasagawa ang mga aktibidad para sa pagbatid at pagsisiyasat ng karera. Ang pamilya ay may mahalagang bahagi sa pag-unawa ng bata ng mga karera. Bawa't araw, maaaring ipamahagi ng mga magulang ang kanilang mga personal na karanasan at tulungan ang kanilang mga anak na matuto tungkol sa empleyo ng mga miyembro ng pamilya at ng mga kapitbahay.

Ang pagpapalano ng transisyon ay ang unang hakbang patungo sa pagbubuo ng isang Individualized Education Program o IEP (Programa para sa Pang-indibidwal na Edukasyon) para sa mga mag-aaral na 14 na taong gulang at higit pa. Sa simula, ipaalam ng mag-aaral ang kanyang mga interes at kagustuhan sa isang kagawad ng paaralan, at mula doon:

1. Bubuo ang mag-aaral at ang tauhan ng paaralan ng mga kahahantungan pagtatapos ng edukasyong sekundaryo kaugnay sa empleyo, mas mataas na edukasyon o pagsasanay para sa empleyo; at kung naaayon, sa pamumuhay nang sarili. Ang mga kahahantungang ito pagtatapos ng edukasyong sekundaryo ay batay sa mga kinalabasan ng mga angkop sa edad na pagtatasang pantransisyon.
2. Pagkatapos ay pabalik na imamapa ng tauhan ng paaralan ang mga serbisyong kakailanganin sa loob ng darating na taong pampaaralan kabilang ang kurso ng pag-aaral at mga taunang layunin upang mabigyan ang mag-aaral ng makatwirang kakayahang umasenso patungo sa kanyang kahahantungan (lahat ng impormasyong ito ay kasama sa IEP).
3. Ang prosesong ito ay inuulit bawa't taon upang matiyak na hindi nagbago ang mga interes at layunin ng mag-aaral. Isasagawa ang anumang pagbabago sa IEP upang matiyak ang patuloy na pag-asenso ng mag-aaral patungo sa kanyang mga ipinahayag na kahahantungan.

Pagtatapos

Kinakailangang magtamo ang lahat ng mga mag-aaral ng di-kukulanging 21 kredito para maging marapat tumanggap ng isang **Diploma ng Pagtatapos sa Mataas na Paaralan ng Maryland**. Bukod sa hinihiling na kreditong pangkurso, lahat ng mga mag-aaral ay kinakailangang makabuo ng pitumpu't-limang (75) oras ng paglilingkod ng mag-aaral o makabuo ng isang lokal na programa na bahagi ng paglilingkod ng mag-aaral. Maaaring magtatag ang mga lokal na sistemang pampaaralan ng mga karagdagang kahilingan ng kredito o magdagdag ng mga rekomendasyon sa diploma bilang pabuya para tumugon ang mga mag-aaral sa mga lokal na kahilingan bukod pa sa mga pinakamababang kahilingang itinatag ng Estado. Ang pagkatugma ng kredito ng kursong pang mataas na paaralan sa Core Learning Goals (mga Pamantayang Layunin sa Pag-aaral) ay nagpapataw ng kahilingang kumuha ang bawa't mag-aaral ng mga kursong nilikha para sa isang pagsusulit ng High School Assessment o HSA (Pagtatasa para sa Mataas na Paaralan). Sa loob ng taong nakarehistro ang isang mag-aaral sa isang kursong pang-kredito, kinakailangang kunin ng mag-aaral ang katugmang HSA.

Ang mga mag-aaral na may kapansanan na hindi makatugon sa mga kahilingan para sa diploma ng pagtatapos sa mataas na paaralan ay maaaring makakamit ng **Sertipiko ng Pagkumpleto ng Programang Pang-mataas na Paaralan ng Maryland** kung tumutugon sila sa isa sa mga sumusunod na pamantayan:

- Nakarehistro ang mag-aaral sa isang programang pang-edukasyon sa loob ng di-kukulanging apat (4) na taon pagkalampas ng ika-8 baitang o ang katumbas nito sa edad, at napagkasunduhan ng isang pangkat ng IEP, na may pagsang-ayon ng mga magulang ng bata, na natuto na ang naturang indibidwal ng mga naaangkop na kakayahan para makasali ito sa mundo ng pagtatrabaho, para kumilos nang responsable bilang isang mamamayan, at mamuhay ng makahulugang buhay.
- Apat (4) na taon nang nakarehistro ang mag-aaral sa isang programang pang-edukasyon pagkalampas ng ika-8 baitang o ang katumbas nito sa edad, at magdadalawampu't-isang taong gulang ito bago matapos ang kasalukuyang taong pampaaralan ng naturang mag-aaral.

Ang Maryland Exit Document

Ang Maryland Exit Document ay nagkakaloob sa mga nagtatapos na mag-aaral ng importanteng impormasyon tungkol sa IEP na maaari nilang gamitin habang lumilipat sila mula sa paaralan patungo sa mga aktibidad na pang-pagkatapos ng edukasyong sekundaryo. Maaaring kabilang sa mga aktibidad na ito ang empleyo, edukasyong mas mataas sa edukasyong sekundaryo, suportadong empleyo, o sariling pamumuhay na pinagkakaloob ng mga ahensiya ng palingkurang pang-komunidad. Ang naturang dokumento ay ibinibigay sa mga mag-aaral kalakip ng Diploma ng Pagtatapos sa Mataas na Paaralan ng Maryland o ng Sertipiko ng Pagkumpleto ng Programang Pang-mataas na Paaralan ng Maryland.

Kinakailangang mag-aplay para humiling ng tulong o makatwirang akomodasyon ang mga batang adulto ng may kapansanan kahit na ito ay nasa mas mataas na edukasyon, empleyo, o mga palingkuran para sa pamumuhay nang sarili. Ang impormasyong matatagpuan sa loob ng

dokumento ay makakatulong nang malaki sa kanila sa proseso ng aplikasyon. Makukuha ang naturang dokumento sa pamamagitan ng isang programang matatagpuan sa web. Binubuo ang dokumentong ito ng isang miyembro ng tauhang pampaaralan at ng mag-aaral na may karagdagang impormasyon mula sa pamilya ng mag-aaral.

Dapat tipunin ang mga datos para sa naturang dokumento sa mga pagpupulong ng pangkat ng IEP ng mag-aaral kung saan isinasagawa ang pagpapalano ng transisyon. Ang dokumento ay maaaring magsilbi bilang balangkas para sa pagpapalano ng transisyon. Ang dokumento ay nagbibigay sa mga potensyal na taga-empleyo, mga institusyon ng mas mataas na edukasyon, at mga tagapaglaan ng palingkurang pang-adulto ng makasaysayang impormasyon tungkol sa mga kakayahan, lakas, at anumang mga suportang maaaring kailanganin ng naturang batang adulto upang maging matagumpay.

May sampung seksyon na matatagpuan sa Maryland Exit Document. Ang bawat seksyon na matatagpuan sa ibaba ay nagtataglay ng mga paglalarawan at mga natatanging impormasyon tungkol sa batang adulto.

- Impormasyong demograpiko
- Kursong Pag-aaral
- Mga Pang-edukasyon na Akomodasyon/Suporta
- Mga Kagustuhan Hinggil sa Empleyo
- Mga Personal na Katangian
- Mga Personal na Interes
- Mga Pang-employong Akomodasyon/Suporta
- Paggrado ng mga Pangkaraniwang Kakayahan
- Kasaysayan ng Empleyo
- Mga Reperensiya

Ang Pagka-intitulado Laban sa Pagkamarapat

Maaaring sabihin na ang pagkakaiba ng **pagka-intitulado** ng edukasyong pampubliko sa mga palingkurang pang-adulto na batay sa **pagkamarapat** ay maaaring nakakalito. Sa Maryland, ang isang mag-aaral na may kapansanan na tumatanggap ng mga serbisiyo ng espesyal na edukasyon ay may karapatang tumanggap ng libre at naaangkop na edukasyong pampubliko hanggang sa taong pampaaralan kung kailan magiging 21 taong gulang ang mag-aaral (IDEA, 2004) o nakatugon sa mga kahilingan para sa Diploma ng Pagtatapos sa Mataas na Paaralan ng Maryland o Sertipiko ng Pagkumpleto ng Programang Pang-mataas na Paaralan ng Maryland. Kapag

nagtapos na ang mag-aaral ng pag-aaral, kinakailangan niyang tumugon sa mga **kriteriya ng pagkamarapat** at pagkakaroon ng pondo para makatanggap ng mga serbisyo mula sa mga ahensiya ng palingkurang pang-adulto.

Mga Ahensiya ng Palingkurang Pang-adulto ng Maryland

Ang sumusunod na seksiyon ay maglalarawan ng mga ahensiya na maaaring magkaloob o magbayad para sa mga serbisyo para sa inyong anak pagkatapos nitong magtapos ng pag-aaral. May apat na ahensiya ng Estado na maaaring magkaloob o magbayad para sa mga serbisyo na makakapagbigay sa inyong anak ng kakayahang maging malaya sa abot ng kanyang makakaya. Kailangang tumugon ang inyong anak sa mga pamantayang sadyang partikular upang maging karapat-dapat para sa mga serbisyo mula sa alinman sa mga ahensiyang ito. Ang mga partikular na **pamantayan ng pagkamarapat** ay ipinaliliwanag sa paglalarawan ng ahensiya. Ang apat na ahensiya ay ang mga sumusunod:

1. Maryland Developmental Disabilities Administration
2. Division of Rehabilitation Services/Maryland State Department of Education
3. Mental Hygiene Administration/Department of Health and Mental Hygiene (Pangasiwaan ng Kalusugang Pangkaisipan/Kagawaran ng Kalusugan at ng Kalusugang Pangkaisipan)
4. Office of Workforce Development and Adult Learning/Maryland Department of Labor Licensing and Regulation (Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Lakas Pantrabaho at Pang-adultong Pag-aaral/Kagawaran ng Paggawa, Pagpapalisensiya at Reglamento ng Maryland)

Ang seksiyon na ito ay maglalarawan din ng mga palingkurang pansuporta ng kapansanan pagkatapos ng edukasyong sekundaryo na maaaring aplayan ng inyong anak habang pinagpapatuloy niya ang kanyang edukasyon sa mga paaralan ng mas mataas na edukasyon, kabilang ang mga pamantasan, mga kolehiyo, mga kolehiyong pangkumunidad, o mga paaralang pangkarera.

1. Developmental Disabilities Administration (DDA) ng Maryland

Ang Developmental Disabilities Administration (DDA), na napapailalim sa pagtangkilik ng Department of Health and Mental Hygiene ng Maryland, ay nagkakaloob ng pinangangasiwang sistema ng pagbibigay ng serbisyo para makatanggap ang mga taong may kapansanan kaugnay sa kaganapan sa gulang ng mga naaangkop na serbisyo na nakalaan para sa pagtamo ng layunin ng pagiging bahagi ng komunidad. Ang mga serbisyo ay ibinibigay sa pamamagitan ng isang malawak na pagpipilian ng mga palingkurang matatagpuan sa komunidad na ang pangunahing pamamaraan ng pagpapalaganap ay sa pamamagitan ng isang network ng mga tagapaglaan ng serbisyong di-pantubo.

Inako ng DDA ng tungkuling mamuno sa pagbubuo ng mga pagkakasosyo at pagtiwala kasama ng mga pamilya, tagapaglaan ng serbisyo, mga lokal at pang-Estadong ahensiya, at mga tagapagtaguyod (advocates) upang masiguro na makakagamit ang mga taong may kapansanan kaugnay sa kaganapan sa gulang at ang kanilang mga pamilya ng mga gamit-yamang kinakailangan para pasiglahin ang pag-unlad, kabilang ang mga gamit-yamang nagagamit ng madlang publiko. Dala na aming likas na paniniwala sa mga karapatan at dangal ng tao, nagpupunyagi kami para sa mga sumusunod:

- Pagsasakapangyarihan ng lahat ng mga taong may kapansanan kaugnay sa kaganapan sa gulang at ang kanilang mga pamilya para makapili ng mga palingkuran at suportang tutugon sa kanilang mga pangangailangan.
- Pagsama ng mga taong may kapansanan kaugnay sa kaganapan sa gulang sa buhay pang-komunidad para pasiglahin ang kanilang pakikibahagi.
- Paglalaan ng mga de-kalidad na suporta, batay sa kasiyahan ng tagakonsumo, na nagpapaunlad ng indibidwal na paglaki at pag-unlad.
- Pagtatakda ng isang sistema ng palingkuran na di-mahigpit at responsable sa pananalapi na magsisiguro ng pinakamakawatwirang paggamit ng mga gamit-yaman na inilaan ng mga mamamayan ng Maryland para sa paglilingkod sa mga taong may kapansanan kaugnay sa kaganapan ng gulang.

Ang pakay ng DDA ay magkaloob ng pamumuno na magsisiguro ng buong pakikibahagi ng mga taong may kapansanan kaugnay sa kaganapan ng gulang at ng kanilang mga pamilya sa lahat ng aspeto ng pamumuhay sa komunidad. Bukod dito, ang layunin ng DDA ay pagtibayin ang pagbibigay sa kanila ng kapangyarihang makakuha ng mga de-kalidad na suporta at palingkuran na kinakailangan upang pasiglahin ang pag-unlad, pagka-malaya at paggawa. Nagpupunyagi ang DDA upang mabigyan ang mga taong may kapansanan kaugnay sa kaganapan ng gulang ng kakayahang gamitin ang apat na prinsipyo ng paggawa ng desisyon para sa sarili: (1) kalayaang mamili; (2) awtoridad na nangingibabaw sa mga palingkuran at suporta; (3) responsibilidad na magsaayos ng mga gamit-yaman; at (4) mga suportang kinakailangan para mamuhay sa komunidad

Pagkamarapat

Marapat tumanggap ang isang tao ng kabuuan ng mga serbisyo kung mayroon siyang pangmatagalang kapansanang malubha na:

- Dala ng isang pinsalang pisikal o pangkaisipan, maliban sa natatanging pagsuri ng sakit pangkaisipan, o ng kombinasyon ng mga pinsalang pangkaisipan at pisikal;
- Lumabas bago mag-22 taong gulang ang naturang indibidwal;
- Malamang magpatuloy nang walang takdang katapusan;

- Dahilan ng pagkawala ng kakayahang mamuhay nang sarili nang walang suporta mula sa iba o patuloy at regular na tulong;
- Sumasalamin sa pangangailangan ng isang kombinasyon o pagkakasunod-sunod ng pangangalagang espesyal, nanggagaling sa mga nagtutulungang disiplina, o pangkaraniwan, paggamot, o iba pang mga serbisyo na pinaplano at isinaayos para sa taong iyon. (Health General 7-101[e])

Marapat tumanggap ang isang tao ng mga serbisyong pansuporta lamang kung mayroon siyang pangmatagalang kapansanang na malubha na:

- a. Dala ng isang pinsalang pisikal o pangkaisipan, maliban sa natatanging diyagnosis ng sakit pangkaisipan, o ng kombinasyon ng mga pinsalang pangkaisipan at pisikal
- b. Malamang magpatuloy nang walang takdang katapusan
(Health General 7-403[c])

Kinakailangang mag-aplay at matagpuang karapat-dapat ang mga tao para sa mga palingkuran ng DDA. Kung maipasiyang marapat ang isang tao para sa mga palingkuran mula sa DDA, ilalagay ang naturang tao sa isa sa mga sumusunod na kategoriya ng palingkuran: Ang mga ito ay nakalista batay sa antas ng priyoridad na iniukol para sa pagtanggap ng mga palingkuran ng mga aplikante:

- Kategoriya I – Paglutas ng Krisis
- Kategoriya II – Pag-iwas ng Krisis
- Kategoriya III – Kasalukuyang Kahilingan

Kabilang sa mga palingkurang ipinagkakaloob ng DDA ang mga sumusunod:

- **Home and Community-Based Services Waiver (Pagwawaksi Kaugnay sa mga Palingkurang Pinagkakaloob sa Komunidad at sa Tahanan):** Ang programa ng pagwawaksi kaugnay sa Home and Community-Based Services (HCBS) ng Medicaid ay binibigyan ng awtorisasyon ng §1915(c) ng Social Security Act (Batas ng Social Security). Pinahihintulutan ng naturang programa ang Estado na magkaloob ng isang hanay ng mga palingkurang pangkomunidad at pantahan na tutulong sa mga tumatanggap ng benepisyo mula sa Medicaid na mamuhay sa komunidad at umiwas sa pagpasok sa isang institusyon. Ang Estado ay may malawak na kakayahang lumikha ng programa ng pagwawaksi upang tumugon sa mga pangangailangan ng populasyong tinutudla ng naturang pagwawaksi. Kaagapay at/o sinusuportahan ng mga palingkurang ng pagwawaksi ang mga palingkurang nagagamit ng mga kalahok sa pamamagitan ng planong pang-Estado ng Medicaid at ng ibang mga pampederal, pang-estado at lokal na programang pampubliko, pati na ang mga suporta na ibinibigay ng mga pamilya at mga komunidad. Marapat ang mga taong napagpasiyahang bigyan ng kalagayan ng buong pagkamarapat (sa halip ng pagkamarapat para sa mga pansuportang palingkurang lamang), o na itinuturing ng Division of Eligibility Waiver Services (Dibisyon ng mga Palingkurang ng

Pagwawaksi kaugnay sa Pagkamaratap) ng Department of Health and Mental Hygiene bilang marapat tumanggap ng Medicaid sa ilalim ng pagwawaksing ito.

- **Ang Pagwawaksi ng New Directions:** Ang pagwawaksi ng New Directions ay nagpapahintulot sa mga tao na mamahala ng ilan sa mga sarili nilang palingkuran, sa pamamagitan ng paggamit ng Fiscal Management Service o FMS (Palingkuran ng Pamamahala ng Pananalapi) at ng isang pansuportang brokerage. Ang pansuportang broker ay tumutulong sa tao sa pamamahala ng kanilang mga palingkuran at tumutulong sa tao na magkaroon ng mga kinakailangang kakayahan para mapangasiwaan ang mga sarili nilang palingkuran. Ang Support Brokerage (Pansuportang Brokerage) ay kaagapay ng Resource Coordination (Pamamahala ng Gamit-Yaman) dala ng nagsasagawa ito ng mga gawaing kaugnay sa pang-araw-araw na pamamahala ng programa na naiiba kung ihahambing sa mga katungkulan ng Resource Coordination kaugnay sa malawakang pagpapalano, pagsangguni, at pagsisiguro ng kalidad. Ang mga palingkurang magagamit sa pamamagitan ng New Directions yaong mga palingkurang maaaring kailanganin ng mga tao upang mamuhay nang matagumpay sa kanilang tahanan or sa tahanan ng kanilang pamilya. Kabilang sa mga palingkurang nakatuon sa mga tagakonsumsi ang Respite (Pamamahinga), Supported Employment (Suportadong Empleyo), Employment Discovery and Customization Services (Mga Palingkuran para sa Pagtuklas at Pagtatapas ng Empleyo), Community Learning Services (Mga Palingkuran para sa Pag-aaral sa Komunidad), Community Supported Living Arrangements (Mga Pamamaraan ng Pamumuhay na Suportado ng Komunidad), Transportation (Transporte), Environmental Accessibility Adaptations (Mga Pag-aagpang Isinagawa Upang Magamit ang Kapaligiran), Family and Individual Support Services (Mga Palingkuran ng Suporta para sa Pamilya at Indibidwal), Transition Services (Mga Palingkuran Pantransisyon), Support Brokerage (Suporta ng Brokerage), at Assistive Technology and Adaptive Equipment (Pantulong na Teknolohiya at Kagamitang Inagpang).
- **Community Pathways:** Ang Pagwawaksi ng Community Pathways ay sumusuporta sa mga taong may kapansanan kaugnay sa kaganapan ng gulang para manatiling namumuhay ang mga ito sa kanilang tahanan at sa komunidad bilang alternatibo sa pagpasok sa isang institusyon. Ang mga palingkurang ipinagkakaloob sa ilalim ng pagwawaksing ito ay itinuturing bilang mga "tradisyonal" na palingkuran kung saan ang dolyar na pambayad ng serbisyo na nakalaan para sa mga tao ay ibinibigay sa ahensiyang nagkakaloob ng mga serbisyo. Kabilang sa mga palingkuran ang mga sumusunod: Day Habilitation and Extended Day Habilitation (Pang-araw na Habilidadasyon at Habilidadasyon para sa Mas Mahabang Araw, kabilang ang Supported Employment, Employment Discovery and Customization, at Community Learning), Community Residential Services (mga Palingkurang Residensyal sa Komunidad), Community Suportadong Pamumuhay Arrangements (Mga Pamamaraan ng Pamumuhay na Suportado ng Komunidad), Respite (Pahinga (Pahinga), Resource Coordination (Pamamahala ng Gamit-Yaman, pamamahala ng kaso), Environmental Modifications (mga Pagbabago ng Kapaligiran), Family at Individual Support Services (Mga Palingkuran ng Suporta para sa Pamilya at Indibidwal), Transition Services (Mga Palingkurang Pantransisyon), Medical Day Care (Medikal na Pangangalaga sa Araw), at Adaptive Equipment at Nakatutulong na teknolohiya (Kagamitang Inagpang at Pantulong na Teknolohiya).

- **Empleyo Muna:** Ang mga palingkuran ng DDA ay nakabatay sa paniniwalang lahat ng mga taong may kapansanan kaugnay sa kaganapan ng gulang ay MAAARING makapagtrabaho kung bibigyan ng pagkakataon, pagsasanay, at iba pang mga suporta na kumakasangkap ng mga lakas ng isang tao. Ang mga serbisyo ay ipinagkakaloob sa loob ng pinaka-integradong kapaligiran, at ibinibigay sang-ayon sa plano ng pangangalaga ng naturang tao, na binuo sa pamamagitan ng isang detalyadong proseso ng pagpapalano ng nagpapahalaga sa tao na nagtatasa ng mga pinaka-nagkakaugnay na tagpuan at nagtatakda ng mga layunin para sa mga kasalukuyang hadlang sa pagkaugnay ng komunidad.

PUNA: *Ang empleyo ang magiging “pangunahing” pagpipilian para sa lahat ng mga taong nasa edad ng pagtatrabaho (16-64) na tumatanggap ng mga serbisyo mula sa DDA.*

- **Ang Governor’s Transitioning Youth Initiative (Inisyatibo ng Gubernador para sa Pagtransisyon ng Kabataan):** Ang Governor’s Transitioning Youth Initiative (GTYI) ay nilikha noon 1989 para ipakita na ang mga taong may mga pinakalubhang kapansanan ay maaaring magtrabaho at maka-ambag sa kinabukasa ng Maryland pagkatapos nitong magtapos ng pag-aaral. Ang Pagtransisyon ng Kabataan ay nagtataglay ng isang natatanging kategoriya ng pagkamarapat at priyoridad para sa mga palingkuran. Sa pamamagitan ng Governor’s Transitioning Youth Initiative ang DDA, kabalikat ang Division of Rehabilitation Services (DORS), ay nakapagpondo ng suportadong empleyo para sa mga marapat na magtatapos na mag-aaral na sa ibang pagkakataon ay maaaring hindi makatanggap ng mga serbisyo mula sa DDA. Para maging marapat ang isang tao para sa Governor’s Transitioning Youth Initiative (GTYI) kinakailangan siyang ituring bilang lubos na *marapat bilang taong may kapansanan kaugnay sa kaganapan ng gulang. Bilang karagdagan, ang mag-aaral ay marapat mula sa kanyang ika-21 kaarawan hanggang sa kanyang ika-22 kaarawan. Kung ang petsa ng pagtatapos ay pagkalipas ng ika-21 kaarawan ng naturang tao, ang taong ito ay magpapatuloy na maging marapat nang hanggang isang taon pagkalipas ng petsa ng pagtatapos.*

Ang mga palingkurang maaaring gamitin sa pamamagitan ng GTYI ay hindi nakatakdang maging isang hanay ng mga serbisyo na kailangang isa-isahing gamitin ng mga tao upang makahanap ng trabaho. Ang mga palingkuran ay nakalista sang-ayon sa kung alin ang pinaka-integradong palingkuran muna.

- o **Ang Mga Palingkuran para sa Suportadong Empleyo** ay mga palingkurang pinagkakaloob sa komunidad na tumutulong sa taong makahanap ng trabaho at mapanatili ito, o magtatag ng sarili nilang negosyo sa komunidad. Ang mga suporta, na kadalasan ay sa pamamagitan ng tulong ng isang tagasanay sa larangan ng empleyo, ay paiba-iba ng tindi, depende sa pangangailangan ng naturang tao. Ang mga suporta ay maaaring tuloy-tuloy o unti-unting mawawala paglaon ng panahon. Kabilang sa mga modelo ang pagtatrabaho para sa sarili, empleyong pang-isang tao, at empleyong pang-grupo (tulad ng enclave o mobile crew). Ang serbisyong ito ay maaaring may sariling pangangasiwa sa ilalim ng New Directions Waiver.

- **Ang mga Palingkuran para sa Pagtuklas at Pagpapakumporme ng Empleyo** ay mga pangkomunidad na serbisyong may takdang katapusan (3 buwan) na nilikha para magkaloob ng mga aktibidad kaugnay sa paghahanap, pagpapakumporme at pagsasanay upang makatulong sa isang tao na makakuha ng kumpetitibong trabaho sa integradong lugar ng trabaho kung saan tumatanggap ang naturang tao ng sahod na maihahambing sa iba. Kabilang sa mga palingkuran, ngunit hindi limitado sa mga ito ang mga sumusunod: mga pagtatasa ng sitwasyon na isinasagawa sa komunidad; pagpapaunlad ng trabaho; mga aktibidad na nagsusuri ng trabaho at gawain; pagsasanay sa trabaho; pagsasanay ng kakayahang pantrabaho; pagbabago ng mga pantrabahong materyales, mga pamamaraan, at mga protokol; etc. Ang serbisyong ito ay maaaring may sariling pangangasiwa sa ilalim ng Pagwawaksing New Directions.
- **Ang Mga Palingkuran para sa Pag-aaral sa Komunidad** ay mga palingkurang isinasagawa sa komunidad na tumutulong sa mga tao sa pagtatatag ng mga kakayahan at mga suportang panlipunan na kinakailangan para makakuha ng trabaho; nagtataguyod ng positibong pag-unlad, at; nagkaloob ng mga aktibidad, natatanging tulong, suporta at edukasyon. Ang mga serbisyo ay sukdulang itinatugma sa indibidwal at maaaring kabilang dito, ngunit hindi limitado sa mga ito ang mga sumusunod: pagsasanay para sa pagdedesiyon/pagtatanggol sa sarili; suporta para dumayo sa mga gawaan (workshop) at mga klase; paggabay ng kasing-edad; mga aktibidad para sa mga boluntaryo; mga aktibidad na nagtataguyod ng kalusugan, pakikihalubilo, at iba pa. Ang serbisyong ito ay maaaring may sariling pangangasiwa sa ilalim ng programang New Directions.
- **Ang mga palingkuran para sa Tradisyonal na Pang-araw na Habilidad** ay mga palingkurang isinasagawa sa komunidad na nagkaloob ng mga aktibidad na may estruktura para paunlarin at panatiliin ang paggalaw, komunikasyon, personal na kalinisan, at mga kakayahang panlibangan at pakikibahagi sa komunidad.
- **Programang Ticket to Work:** Ang Programang Ticket to Work and Self-Sufficiency ay isang programang pang-empleyo para sa mga taong may kapansanan na interesadong magtrabaho. Sa ilalim ng Programang Ticket to Work, ang Pangasiwaan ng Social Security ay nagkaloob ng *Ticket* sa mga tumatanggap ng benepisyong pangkapansanan na magagamit para makagamit ng mga palingkuran at suportang kinakailangan para sa matagumpay na pagtatrabaho.

Para sa karagdagang impormasyon o para mag-aplay para sa mga palingkuran:

www.ddmaryland.org

1-877-468-3464

Social Security Administration Supported Employment Assistance (Tulong para sa Suportadong Empleyo ng Pangasiwaan ng Social Security):

www.socialsecurity.gov/work/

1-800-772-1213

Programang Ticket to Work:

www.yourtickettowork.com/

2. *Division of Rehabilitation Services (DORS)*

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, Division of Rehabilitation Services, ay nangangasiwa ng programa ng rehabilitasyong pang-bokasyon sa Maryland, at sa gayon ay nagtataguyod ng empleyo, pagkaindependiyente, at pagsuporta sa sarili ng mga taong may malulubhang kapansanan. Binibigyan ng pinakamataas na prioridad ng Dibisyon ang pagkakaloob ng mga mabibisang programa at palingkuran para sa mga mag-aaral na may malulubhang kapansanan habang nagtatransisyon sila mula sa paaralang sekundaryo patungo sa empleyo, mas mataas na edukasyon at/o pang-bokasyong pagsasanay, at pinapahalagahan nito ang mga pagkasosyo nito sa lokal na sistemang pampaaralan, mga mag-aaral na may kapansanan, mga programang pangkomunidad at mga miyembro ng pamilya. Ang DORS ay may mga kasunduan sa bawa't isa sa mga lokal na distritong pampaaralan ng Maryland na liliwanagin at padadaliin ng mga ito ang pagkakaloob ng mga palingkuran sa mga mag-aaral na may kapansanan.

Ang DORS ay nagkakaloob ng mga programa at mga palingkuran sa pamamagitan ng Office of Field Services, ng Office for Blindness & Vision Services, at ng Workforce & Technology Center.

- **Mga Tauhan ng DORS:** Ang mga tagapayong pang-rehabilitasyon na dalubhasa sa pakikipagtrabaho sa mga mag-aaral na may kapansanan ay matatagpuan sa mga tanggapan ng DORS sa buong lawak ng Maryland. Ang mga tagapayo pang-transisyon ng DORS ay nakatakda sa bawa't paaralang sekundaryo sa Maryland, at nakapagtaguyod ng matatatag na pakikipag-ugnayang propesyonal sa mga tauhang pampaaralan, na kadalasan ay kabilang ang namumuno na pantransisyon at ang mga guro ng espesyal na edukasyon. Nagkakaloob ang mga tauhan ng DORS ng impormasyon sa mga mag-aaral at mga pamilya sa mga eksibisyong pantransisyon at iba pang mga naaangkop na pangyayaring pampaaralan. Karaniwan ay nagsisimulang makipagtrabaho ang tagapayong pantransisyon sa mga mag-aaral na may mga seryoso at lubhang seryosong kapansanan sa umpisa ng taong nauuna sa kanilang pinakahuling taon ng pag-aaral. Nakikipagtrabaho sila sa mag-aaral at sa mga miyembro ng pamilya, nang sang-ayon sa naaangkop na paraan, upang mapasiyahan ang pagkamarapat at ang prioridad ng mga palingkuran, pagkatapos ay bumubuo sila ng isang plano para sa mga palingkurang pang-empelyo, at ang ilan sa mga ito ay maaaring ipagkaloob habang nag-aaral pa ang mag-aaral, at may ilan na para sa pagkumpleto ng pag-aaral.
- **Pagkamarapat at Prioridad ng mga Palingkuran:** Alinsunod sa pampederal na batas, marapat ang mga tao para sa programang Vocational Rehabilitation o VR (Pang-bokasyong Rehabilitasyon) ng DORS kung sila ay (1) may pinsalang pisikal o pangkaisipan, na nangangahulugan o nagdudulot ng malaking paghahadlang sa pagtatrabaho, (2) maaaring makinabang sa mga palingkuran na maaaninag sa pagkakaroon ng empleyo, at (3) nangangailangan ng mga palingkuran para sa pangbokasyon na rehabilitasyon para makatamo ng empleyo. Dahilan sa mga limitasyon ng gamit-yaman, ang DORS ay nagkakaloob lamang ng mga palingkuran sa mga taong may mga "seryoso" at "lubhang seryosong" kapansanan. Ipinaliliwanag ito bilang mga taong mangangailangan ng maraming palingkuran sa loob ng mahabang panahon at na

may mga pinsalang lubhang naglilimita ng isa o higit sa isa sa kanilang mga kakayahang pampamumuhay tulad ng paggalaw, komunikasyon, pag-alaga sa sarili, pamamahala ng sariling buhay, mga kakayahan kaugnay sa pakikihalubilo, kakayahang umako ng trabaho at mga pagkadalubhasa sa trabaho. Maaaring mayroon listahan ng paghihintay para sa mga palingkuran.

- **Pagsangguni para sa mga Palingkuran.** Dapat isangguni ang mga mag-aaral na may mga seryoso at lubhang seryosong kapansanan na (1) nasa Espesyal na Edukasyon, (2) may mga Planong 504 o (3) may mga seryosong pinsalang pangkalusugan, kung sila ay:
 - 1) May layunin kaugnay sa empleyo
 - 2) Nagpapakita ng mga malulubhang limitasyon sa isa man lang sa mga larangang pampamumuhay na binanggit sa itaas (sumangguni sa *Pagkamarapat at Priyoridad ng mga Palingkuran*)

Puna: Ang mga mag-aaral na tumatanggap ng Supplemental Security Income o SSI (Karagdagang Kitang Pang-seguridad) o Social Security Disability Insurance o SSDI (Segurong Pangkapansanan ng Social Security) ay ipinapalagay na marapat para sa mga palingkurang VR at na may lubhang kapansanan, at dapat isangguni kung mayroon silang layunin kaugnay sa empleyo.

Hindi dapat isangguni ang mga mag-aaral kung sila ay:

- Hindi interesado sa paghiling ng mga palingkurang pang-empleyo mula sa DORS
- May mga bahagyang pinsala na hindi lubhang nakakaapekto ng mga kakayahang pampamumuhay at na makakakuha ng edukasyon pagkatapos ng edukasyong sekundaryo at/o ng empleyo nang may mga bahagyang akomodasyon, kung naaangkop.
- **Panahon at mga Pamamaraan ng Pagsangguni:** Sa karamihan ng mga pangyayari nag-uumpisang makipagtrabaho ang DORS sa mga nagtatransisyong mag-aaral sa umpisa ng taong nauuna sa kanilang pinakahuling taon ng edukasyong sekundaryo. Kung may natatanging dahilan para magsimula nang mas maaga para sa isang partikular na mag-aaral, maaaring isaalang-salang ang isang pagtatangi. Makikipag-ayos ang mga tauhan ng paaralan sa nakatalagang tagapayong pantransisyon ng DORS hinggil sa pagsangguni ng mga mag-aaral. Ang impormasyon na ibibigay ng paaralan kalakip ng pagsangguni (tulad ng impormasyon tungkol sa pagtatasa, ang Exit Document, Individualized Education Program (IEP) o Planong 504) ay magpapadali ng pagpapasiya hinggil sa pagkamarapat at pagbuo ng Individualized Plan for Employment (Planong Pang-empleyo na Itinugma sa Indibidwal).
- **Individualized Plan for Employment (IPE):** Ang tagapayo ng DORS ay nakikipagtrabaho sa mga marapat na tao upang makabuo ng isang plano ng mga palingkuran, na tinatawag na isang *Individualized Plan for Employment (IPE)*. Ang mga palingkurang kabilang sa IPE ay yaong mga kinakailangan upang matamo ang layuning pang-empleyo na binuo nang bukod-tangi para sa iisang tao nang kaagapay ang mag-

aaral at pamilya. Ang layuning pang-empleyo at ang mga kinakailangang palingkuran ay batay sa mga natatanging lakas, gamit-yaman, priyoridad, interes, pangangailangan, at mga matatalinong pamimilian ng mag-aaral. Kabilang sa IPE (1) ang layuning pang-empleyo, (2) ang kinikinitang panahon para sa pagtamo ng empleyo, (3) mga kinakailangang palingkuran, (4) kung sino ang magbabayad para sa mga palingkuran, at (5) kung papaano mapag-aalaman kung naging matagumpay ang mga palingkuran. Para sa mga mag-aaral na nasa espesyal na edukasyon, ang IPE ay binuo para maging alinsunod sa Individual Education Plan. Kinakailangang aprubahan ng DORS ang IPE bago magsimula ang mga palingkuran.

- **Mga Palingkurang Pang-rehabilitasyon:** Maaaring magkaloob o magpasaayos ang DORS ng malawak na pagpipilian ng mga palingkuran depende sa mga pangangailangan ng tagakonsumo. Maaaring kabilang dito ang pagtatasa pangkarera; pagdedesiyon, pagpapayo at pagsangguni kaugnay sa karera; nakatutulong na teknolohiya; edukasyong mas mataas sa edukasyong sekundaryo (pang-bokasyon na pagsasanay, kolehiyo sa komunidad, kolehiyo/pamantasan); at mga palingkuran para sa paghahanap ng trabaho. Ang mga palingkuran ay pinagkakaloob ng mga tagapayo ng DORS, mga aprobadong tagapaglaan ng serbisyo mula sa komunidad, at sa Workforce & Technology Center, ang sentrong pang-rehabilitasyon ng Dibisyon para sa pinagsama-samang disiplina na matatagpuan sa hilagang-silangang Baltimore.
- **Bayad para sa mga Palingkuran:** Binabayaran lamang ng DORS ang mga palingkurang inaprobahan nang antemano at pinahintulutan sa pamamagitan ng isang kasulatan mula sa isang opisyal ng DORS. May reglador ng halaga ang Dibisyon para sa kabayaran ng karamihan sa mga palingkuran, batay sa kita ng pamilya. Ang mga taong tumatanggap ng SSI ay hindi kinakailangang mag-ambag para sa bayad ng mga palingkuran. Ang mga tagakonsumo ng DORS ay hindi kinakailangang mag-ambag para sa bayad ng maraming mga partikular na palingkuran, kabilang ang pagtatasa, pagpapayo/pagpapatnubay/pagsangguni, mga palingkuran para sa paghahanap ng trabaho, suportadong empleyo, mga tulong at palingkurang pang-komunikasyon kung kinakailangan ang mga ito upang makalahok sa mga palingkuran para sa pang-bokasyong rehabilitasyon, at mga palingkuran para sa personal na tulong.
- **Edukasyon Pagkatapos ng Edukasyong Sekundaryo:** Maaaring tumulong ang DORS sa mga tagakonsumo pagdating sa mga gastos kaugnay sa edukasyon pagkatapos ng edukasyong sekundaryo kapag ang naturang pagsasanay ay kinakailangan upang matamo ang aprobadong layuning pang-empleyo na napapaloob sa IPE. Ang DORS ay hindi pangunahing tagapagbayad ng edukasyon mas mataas sa edukasyong sekundaryo. Ang mga tagakonsumo na nangangailangan ng mas mataas na edukasyon upang matamo ang aprobadong layuning pang-empleyo na matatagpuan sa IPE are inaatasang mag-aplay bawa't taon para sa mga gawad at skolarsip. Kung kasama ang mas mataas na edukasyon sa IPE, maaaring tumulong ang DORS sa pagsuporta ng unang 60 kredito sa antas ng kolehiyong pangkomunidad, maliban kung may iginawad na pagtatangi para sa pagsuporta ng pagpasok sa isang institusyon na may pang-apat na taon ng mas mataas na edukasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring sumangguni sa website ng DORS sa www.dors.state.md.us, o makipag-ugnayan sa DORS Transition Specialist (Espesyalistang Pang-transisyon ng DORS) sa 410-554-9109; (walang bayad) 888-554-0334; o dors@dors.state.md.us.

Para sa karagdagang impormasyon:

www.dors.state.md.us

Telepono: 410-554-9109

Walang Bayad: 1-888-554-0334

Email: dors@dors.state.md.us

3. *Mental Hygiene Administration ng DHMH*

Ang Mental Hygiene Administration (MHA) ay may kapangyarihang mangasiwa ng Public Mental Health System o PMHS (Pamublikong Sistema ng Kalusugang Pangkaisipan), kabilang ang pagbibigay ng serbisyo, pagbubuo ng patakaran, pagpapalano para sa kabuuan ng estado, pamamahagi ng gamit-yaman, at mga katungkulang kaugnay sa patuloy na pagpapabuti ng kalidad. Ang MHA ay nagpopondo ng mga palingkuran kaugnay sa kalusugang pangkaisipan ng komunidad para sa mga taong marapat tumanggap ng Medicaid at para sa mga tao na, dala ng pagkalubha ng kanilang karamdamang pangkaisipan at ng kanilang pangangailangan sa pananalapi, ay marapat tumanggap ng mga palingkurang binabayaran ng estado. Kung tutuusin, ang mga palingkurang ito ay pinagkakaloob at pinopondohan sa pamamagitan ng isang sistemang fee-for-service o FFS (bayad kapalit ng serbisyo). Ang mga palingkuran at mga suporta na hindi binabayaran sa pamamagitan ng FFS, tulad ng suporta ng magkasing-edad, edukasyon at pagsasanay na pampamilya, at iba pang mga natatanging palingkuran at suporta, ay maaaring makuha sa pamamagitan ng mga tagapaglaan ng serbisyo na nakakontra sa lokal na awtoridad ng kalusugang pangkaisipan o ng Core Service Agency (CSA), tulad ng isinasalarawan sa ibaba.

Magkakaroon ng isang komprehensibong hanay ng mga pampubliko at pribadong palingkuran na magagamit. Ang mga palingkurang ito ay tutulong sa mga tao para makilala nila ang sarili nilang lakas upang makamit ang pinakamataas na antas ng pakikibahagi sa buhay panlipunan.

Ang pakay ng Mental Hygiene Administration ay lumikha at mamahala ng komprehensibo, madaling gamitin, nagsasaalang-alang ng kultura, at angkop sa edad na sistema ng mga palingkuran at suporta na may pampublikong pagpopondo para sa mga taong may mga sikiyatrikong karamdaman at magkaloob ng paggamot at rehabilitasyon, kasama ng mga kaagapay, para maitaguyod ang pagkamatatag, kalusugan, at paggaling.

Ang **Core Service Agencies (mga CSA)** ay ang mga lokal na awtoridad ng kalusugang pangkaisipan na responsable para sa pagpapalano, pamamahala, at pagmamatrag ng mga pampublikong palingkuran ng kalusugang pangkaisipan. Ang mga CSA ay pinapatakbo sa ilalim ng awtoridad ng Kalihim ng Kagawaran ng Kalusugan at ng Kalusugang Pangkaisipan, at mga ahente din ito ng pamahalaan ng county, na nag-aaproba ng estruktura

ng kanilang organisasyon. Tumatakbo ang mga CSA sa bawat county ng estado, kabilang ang isang pangmaramihang county na CSA, na sumasako ng ng limang county sa rehiyong Mid-Shore, at isang pandalawahang county na CSA, na sumasakop ng dalawang county sa rehiyong Lower-Shore. Ang mga CSA ay maaaring maging mga pribadong organisasyon na di-pantubo, mga bahagi ng lokal na pamahalaan, o bahagyang pampublikong grupo.

Ang **Administrative Services Organization o ASO (Organisasyon ng mga Palingkurang Administratibo)**, na nakakontra sa MHA, ay nagpapahintulot ng mga palingkuran at nagkakaloob ng mga palingkuran kaugnay sa pamamahala ng paggamit, impormasyon tungkol sa pamamahala, pagpoproseso ng mga paghahabol, at pagtatasa.

Ang Public Mental Health System o PMHS (Pampublikong Sistema ng Kalusugang Pangkaisipan) ng Maryland:

Pagkamarapat

Ang mga kriterya ng pagkamarapat ay maaaring magkaiba-iba depende sa tipo ng palingkuran. Ang mga pangkaraniwang kriterya ng pagkamarapat gumamit ng Public Mental Health System ay ang mga sumusunod:

- Ang naturang tao ay may karamdaman kaugnay sa kalusugang pangkaisipan, sang-ayon sa paglalarawan sa DSM-IV-TR AT
- Ang naturang tao ay tumatanggap ng Medicaid; O
- Ang naturang tao ay itinuturing na ‘dually eligible’ sa Medicaid (marapat sa Medicare at Medicaid) ngunit nananatili sa sistemang fee-for-service; O
- Ang naturang tao ay di-marapat tumanggap ng Medicaid at dala ng kanyang pangangailang sikiyatriko at pampananalapi, maaaring marapat siyang magpabayad ng gastos ng mga palingkuran para sa kalusugang pangkaisipan (sa kabuuan o bahagi nito) na popondohan ng Estado at/o ng mga lokal na pondo.

Ang populasyon ng Medicaid ay marapat tumanggap ng lahat ng mga palingkuran ng PMHS kapag tumutugon sila sa mga kriterya kaugnay sa pangangailangang medikal para sa naturang antas ng palingkuran.

Ang mga taong di-marapat para sa Medicaid ay marapat para sa lahat ng mga palingkuran (maliban sa pagkaka-ospital, mga palingkuran sa pang-emerhensiyang silid, at ang bahagyang pagkaka-ospital), kung may magagamit na pondo, ang naturang tao ay may sikiyatrikong pagsusuri at pangangailangan kaugnay sa kalusugang pangkaisipan, ay residente ng Maryland at nakapag-aplay para sa mga magagamit na benepisyo, tumutugon sa mga kriterya kaugnay sa medikal na pangangailangan para sa naturang antas ng palingkuran, at tumutugon ang naturang tao sa isa sa mga sumusunod na particular na kahilingan ng pagkamarapat tulad ng:

- Ang tagakonsumo ay may mahigpit na pangangailangang pampananalapi at inaprobahan ng CSA ang lawak ng pagkamarapat dahil sa apurahang pangangailangan ng serbisyo; O
- Tumanggap ang tagakonsumo ng mga serbisyo sa PMHS nitong nakaraang dalawang taon; O
- Kasalukuyang tumanggap ang tagakonsumo ng SSDI dahil sa mga kadahilanang may kinalaman sa kalusugang pangkaisipan; O
- Walang tirahan ang tagakonsumo sa estado ng Maryland; O
- Pinakawalan ang tagakonsumo mula sa bilangguan, kulungan, o isang pasilidad ng Department of Correction (Kagawaran ng Pagwawasto) sa loob ng nakaraang 3 buwan; O
- Nakalabas ang tagakonsumo mula sa isang ospital para sa mga karamdamang sikiyatriko na matatagpuan sa Maryland sa loob ng nakaraang 3 buwan; O
- Ang tagakonsumo ay tumanggap ng mga palingkuran sang-ayon sa pag-aatas ng isang kautusan ng Conditional Release (Pagkakalayang may Pasubali).

Maaaring may maliit na kabayaran o co-pay na hihingin para sa mga palingkuran para sa kalusugang pangkaisipan ng mga taong di-marapat para sa Medicaid.

Ang kabuuan ng mga benepisyo ng Public Mental Health System (PMHS) ay nagtataglay ng mga sumusunod na palingkuran. Lahat ng mga palingkuran ay ibinibigay batay sa mga kriteriya ng pagkamarapat at medikal na pangangailangan na itinakda para sa naturang antas ng palingkuran.

- **Pangangalagang pangkaisipang ng pasyenteng nasa ospital:** Ang pangangalagang pangkaisipang ng pasyenteng nasa ospital ay isang palingkurang pang-ospital na nagkakaloob ng masidhing sikiyatrikong paggamot sa mga tagakonsumong nakakaranas ng mga malulubhang sintomas o pag-asal na naglalagay sa kanila sa panganib na saktan sa sarili o ang ibang tao. Maaaring kabilang sa palingkurang pang-ospital ang pagtatasang klinikal at sikiyatriko, pagbibigay at pamamahala ng gamot, pang-indibidwal at pampamilyang pagpapayo, terapiyang pang-grupo, pangangasiwa at paggamot ng doktor at ng nars, edukasyong pangkaisipan, at mga palingkuran ng pagsubaybay pagkatapos ng pangangalaga. Ang antas na ito ng paglilingkod ay isang benepisyo para sa mga bata, kabataan at adulto.
- **Bahagyang pagkaka-ospital na pang-sikiyatriya:** Ang bahagyang pagkaka-ospital ay isang palingkuran para sa pasyenteng hindi kailangang iospital na nagkakaloob ng masidhing sikiyatrikong paggamot para sa maikling panahon, at maihahambing ito sa intensidad ng mga palingkurang ipinagkakaloob sa ospital, kabilang ang pagsusubaybay at paggamot ng mga doktor at nars. Ang antas ng palingkurang ito ay isang benepisyo para sa mga bata, kabataan at adultong marapat tumanggap ng Medicaid.

- **Paggamot pang-residente:** Ang paggamot pang-residente ay nangangahulugan ng isang hanay ng mga palingkurang diyagnostiko at terapiyutiko kaugnay sa kalusugang pangkaisipan, at kabilang dito ang kakayahang magkaloob ng mga palingkurang para sa kalusugang pangkaisipan at/o krisis, para sa mga bata o kabataan at pamilya sa pamamagitan ng paggamit ng pamamaraang Wraparound na nagsasama ng matinding pag-aasikaso ng pangangalaga. Maaaring tumira ang kabataan kasama ng pamilya, sa isang tahanang pang foster care, tahanang pang foster care na nagsasagawa ng paggamot, tahanang pang-grupo, tahanang pang-grupo na may layuning terapiyutiko, o sa isang hiwalay na tirahang residensyal.
- **Respite (Pahinga):** Ang mga palingkurang para sa pahinga ay pinagkakaloob nang pampanandaliang panahon sa tahanan ng tagakonsumo o sa isang aprobadong lugar sa komunidad at isinagawa ito para suportahan ang pananatili ng tagakonsumo sa kanyang sariling tahanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pansamantalang pahinga sa mga tagapag-alaga ng tagakonsumo. Ang antas na ito ng paglilingkod ay isang benepisyo para sa mga bata, kabataan at adulto.
- **Outpatient Mental Health Center (Sentro ng Kalusugang Pangkaisipan para sa Pasyenteng di-nangangailangang Iospital) o Pang-indibidwal na Manggagamot ng Kalusugang Pangkaisipan** Maaaring kabilang sa mga palingkurang para sa sikiyatrikong paggamot ng pasyenteng di-nangangailangang iospital ang pagtatasa at pagsusuring klinikal o sikiyatriko, ang pang-indibidwal na terapiya, ang terapiyang pang-grupo, ang terapiyang pampamilya, ang edukasyong pangkaisipan para sa pamilya, o pamamahala ng gamot. Ang palingkurang ito ay pinagkakaloob ng mga aprobadong Outpatient Mental Health Center (OMHC) o ng mga pang-indibidwal na propesyonal ng kalusugang pangkaisipan na may awtoridad at/o lisensiya na iginawad ng mga naaangkop na lupon ng panggagamot. Ang antas na ito ng paglilingkod ay isang benepisyo para sa mga bata, kabataan at adulto.
- **Psychiatric Rehabilitation Program o PRP (Programa para sa Sikiyatrikong Rehabilitasyon):** Ang mga palingkurang PRP ay binuo para sa mga tagakonsumo na malubha at matagalang sakit na pangkaisipan ("severe and persistent mental illness" o SPMI) upang padaliin ang paggaling at upang makabuo o maibalik ang mga kakayahan para sa pamumuhay nang sarili at pakikipaghalubilo kabilang ang kakayahang gumawa ng mga desisyon tungkol sa: pag-aalaga sa sarili, pamamahala ng sakit, buhay, at pakikibahagi sa komunidad; at itaguyod ang paggamit ng mga gamit-yaman para isama ang tagakonsumo bilang bahagi ng komunidad. Maaaring ipagkaloob ang mga palingkurang sa loob ng isang pasilidad, o sa isang lugar na makakatulong sa pagtataguyod ng pakikibahagi ng tagakonsumo sa buhay pangkomunidad. Ang antas na ito ng paglilingkod ay isang benepisyo para sa mga bata, kabataan at adulto.
- **Residential Rehabilitation Program o RRP (Programa para sa Rehabilitasyong Pang-residente):** Ang mga palingkurang RRP ay binuo para sa mga tagakonsumong may SPMI na nangangailangan ng rehabilitasyon at suporta na malawak ang sakop sa isang kapaligiran ng pamumuhay na may takdang estruktura. Ang antas ng palingkurang ito ay isang benepisyo para sa mga kabataang itinuturing na Transition-Age Youth o TAY (nasa edad ng pagtatransisyon) at mga adulto.

- **Assertive Community Treatment /Mobile Treatment (Pursigidong Paggamot sa Komunidad/Naglalakbay na Paggamot):** Ang Assertive Community Treatment/Mobile Treatment ay isang masidhing palingkurang isinasagawa sa komunidad na nagkakaloob ng pursigidong pakikipag-ugnayan, paggamot, rehabilitasyon, at suporta sa mga taong may SPMI na maaaring walang tirahan, o na hindi natulungan ng mga mas tradisyonal na pamamaraan ng paggamot na hindi nangangailangan ng pag-ospital. Ang mga palingkuran ay pinagkakaloob ng isang naglalakbay na pangkat ng sama-samang disiplina sa natural na kapaligiran ng tagakonsumo. Ang antas na ito ng paglilingkod ay isang benepisyo para sa mga bata, kabataan at adulto.
- **Pamamahala ng Kaso:** Ang mga palingkuran para sa pamamahala ng kaso ay pinagkakaloob sa tahanan o sa komunidad upang matulungan ang mga tagakonsumo sa pagkakaroon ng kabuuan ng mga palingkuran para sa kalusugang pangkaisipan, o anumang karagdagan at kinakailangang tulong o benepisyong medikal, panlipunan o pampananalapi, pagpapayo, at mga palingkurang pansuporta sa edukasyon, pamamahay at iba pa. Ang antas na ito ng paglilingkod ay isang benepisyo para sa mga bata, kabataan at adulto.
- **Suportadong Pamumuhay:** Ang mga palingkuran para sa suportadong pamumuhay ay nagkakaloob ng panlabas na rehabilitasyon at suporta para sa mga tagakonsumo na may SPMI na may kakayahang mamuhay sa hiwalay na tirahang pinili nila na may mga pang-indibidwal na suportang di-mahigpit. Ang antas ng palingkurang ito ay isang benepisyo para sa TAY at mga adulto.
- **Suportadong Empleyo:** Ang mga palingkuran para sa suportadong empleyo (SE) ay nagkakaloob ng suporta para sa paghahanda at paghahanap ng trabaho, pagpapayo kaugnay sa trabaho, at patuloy na suporta sa trabaho sa mga tagakonsumong may malubhang karamdamang pangkaisipan (SMI) o anomalyang pandamdamin na hindi nakakahanap ng kompetitibong trabaho, nawalan ng kompetitibong trabaho, o labas-pasok sa kompetitibong trabaho. Ang mga pang-indibidwal na mga palingkurang ito ay pinagkakaloob upang mabigyan ng kakayahan ang mga mararapat na tagakonsumo na mamili, makakuha, magpanatili o umunlad sa kompetitibong empleyo na independiyente, na matatagpuan sa isang lugar ng trabaho na may kaugnayan sa komunidad, na alinsunod sa kanilang mga interes, kagustuhan, at mga kakayahan. Ang antas ng palingkurang ito ay isang benepisyo para sa TAY at mga adulto.
- **Residential Crisis (Pang-residensyal na Krisis) –** Ang mga palingkurang Residential Crisis ay mga maiikli at masidhing palingkurang pansuporta at pangkalusugan ng kaisipan. Ang antas na ito ng paglilingkod ay isang benepisyo para sa mga bata, kabataan at adulto.
- **Mga Palingkuran para sa Laboratoryong may Kinalaman sa Kalusugang Pangkaisipan -** Kabilang dito ang mga pagsusuri at pamamaraang kinakailangan sa paggagamot na isinasagawa ng mga aprobadong laboratoryong may balidong numero ng tagapaglaan ng serbisyong Medicaid na may kaugnayan sa sikiyatrikong paggagamot na nilaan ng mga sikiyatriko ng PMHS sa mga tagakonsumong marapat para sa Medicaid.

Ang antas ng palingkurang ito ay isang benepisyo para sa mga bata, kabataan at adultong marapat tumanggap ng Medicaid.

Paggamit ng mga Palingkuran

Lahat ng mga palingkuran na napapaloob sa PMHS ay ibinibigay batay sa pagkamarapat sa palingkuran at sa mga kaugnay na kriterya ng medikal na pangangailangan. Para sa mga palingkuran ng paggagamot kaugnay sa kalusugang pangkaisipan, may libreng numero pang-tulong na magagamit ng mga tao 24 oras bawa't araw, 7 araw bawa't linggo.

Tawagan ang **Administrative Services Organization (ASO)**:
1-800-888-1965

Para sa lahat ng iba pang mga palingkuran ng kalusugang pangkaisipan, kabilang ngunit hindi limitado sa mga ito ang mga palingkuran ng suportadong empleyo, o ang paggamit ng mga gamit-yaman ng kalusugang pangkaisipan na kasama sa inyong lokal na nasasakupan, mangyaring tumawag sa inyong lokal na **Core Service Agency** sa inyong nasasakupan.

Allegany County Core Service Agency

Allegany Co. Mental Health System's Office
P.O. Box 1745
Cumberland, Maryland 21501-1745
Telepono: 301-759-5070
Fax: 301-777-5621
E-Mail: mhso@hereintown.net

Anne Arundel County Core Service Agency

Anne Arundel County Mental Health Agency
Box 6675, MS 3230
1 Truman Parkway, Suite 101
Annapolis, Maryland 21401
Telepono: 410-222-7858
Fax: 410-222-7881
E-Mail: mhaaac@aol.com

Baltimore City Core Service Agency

Baltimore Mental Health Systems, Inc.
201 East Baltimore Street, Suite 1340
Baltimore, Maryland 21202
Telepono: 410-837-2647
Fax: 410-837-2672

Baltimore County Core Service Agency

Bureau of Mental Health of Baltimore County Health Department
6401 York Road, Third Floor
Baltimore, Maryland 21212

Telepono: 410-887-3828

Fax: 410-887-4859

Calvert County Core Service Agency

P.O. Box 980

Prince Frederick, Maryland 20678

Telepono: 410-535-5400

Fax: 410-535-5285

Carroll County Core Service Agency

290 South Center Street, P.O. Box 460

Westminster, Maryland 21158-0460

Telepono: 410-876-4440

Fax: 410-876-4929

Cecil County Core Service Agency

401 Bow Street

Elkton, Maryland 21921

Telepono: 410-996-5112

Fax: 410-996-5134

Charles County Core Service Agency

Charles County Human Services Partnership

P.O. Box 2150,

6 Garrett Avenue

LaPlata, Maryland 20646

Telepono: 301-396-5239

Fax: 301-396-5248

Frederick County Core Service Agency

Mental Health Mgmt Agcy of Frederick County

22 South Market Street, Suite 8

Frederick, Maryland 21701

Telepono: 301-682-6017

Fax: 301-682-6019

Garrett County Core Service Agency

1025 Memorial Drive

Oakland, Maryland 21550-1943

Telepono: 301-334-7440

Fax: 301-334-7441

Email: gccsa@dhmh.state.md.us

Harford County Core Service Agency

Office on Mental Health

206 South Hays Street, Suite 201

Bel Air, Maryland 21014
Telepono: 410-803-8726
Fax: 410-803-8732

Howard County Core Service Agency
Howard County Mental Health Authority
9151 Rumsey Road, Suite 150
Columbia, Maryland 21045
Telepono: 410-313-7350
Fax: 410-313-7374
Email: hcmha@hcmha.org

Mid-Shore Core Service Agency
(Kabilang ang mga County ng Caroline, Dorchester, Kent,
Queen Anne at Talbot)
Mid-Shore Mental Health Systems, Inc.
8221 Teal Drive, Suite 203
Easton, Maryland 21601
Telepono: 410-770-4801
Fax: 410-770-4809

Montgomery County Core Service Agency
Department of Health & Human Services, Montgomery County Government
401 Hungerford Drive, 5th Floor
Rockville, Maryland 20850
Telepono: 240-777-1400
Fax: 301-279-1692

Prince George's County Core Service Agency
Prince George's Co. Dept. of Family Services
Mental Health Authority Division
5012 Rhode Island Avenue, Room 114
Hyattsville, Maryland 20781
Telepono: 301-985-3890
Fax: 301-985-3889

St. Mary's County Core Service Agency
St. Mary's County Dept. of Human Services
23115 Leonard Hall Drive, PO Box 653
Leonardtown, Maryland 20650
Telepono: 301-475-4200, Ext. 1680
Fax: 301-475-4000

Wicomico Somerset County Regional Core Service Agency
108 East Main Street
Salisbury, Maryland 21801

Telepono: 410-543-6981

Fax: 410-219-2876

Washington County Core Service Agency

Washington County Mental Health Authority

339 E. Antietam Street, Suite #5

Hagerstown, Maryland 21740

Telepono: 301-739-2490

Fax: 301-739-2250

Worcester County Core Service Agency

P.O. Box 249

Snow Hill, Maryland 21863

Telepono: 410-632-1100

Fax: 410-632-0065

E-Mail: worcsa@dmv.com

4. Division of Workforce Development and Adult Learning

Ang Youth Service Division (Dibisyon ng Palingkurang Pangkabataan) ng Office of Workforce Development ay dedikado sa pagkakaloob ng mga programa at palingkurang tumutulong sa mga kabataan/batang adulto, na 14 hanggang 21 taong gulang, para makamit ang kanilang mga layuning pang-edukasyon at pang-empleyo. Ang mga kabataan at mga batang adulto ay sumasali sa mga aktibidad na nagtutuon ng pansin sa tagumpay sa pag-aaral, mga kakayahang pantrabaho at mga kakayahan para sa pamumuhay. Sinusuportahan ng Office of Workforce Development ang ilang mga programa sa komunidad na nagkakaloob sa lahat ng mga kabataan kabilang ang mga kabataang may kapansanan ng mga palingkuran para sa empleyo at pagsasanay. Ang mga Workforce Development Center (Sentro ng Pagpapaunlad ng Lakas Pantrabaho) ay maaaring gamitin ng mga batang adulto para sa paghahanap ng trabaho, pagpili o pagbago ng karera o pagkakaroon ng mga bagong kakayahan. Ang pagpapayong pang-karera, pagsasanay, paggamit ng kompyuter, at iba pang mga palingkurang pansuporta ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng lokal na mga Workforce Investment Board (Lupon ng Pagpupuhunan ng Lakas Pantrabaho) at ng kanilang mga One Stop Center (sentrong para sa lahat ng mga pangangailangan). Para magparehistro sa mga palingkuran kinakailangang bumisita ang batang adulto sa lokal na Workforce Development Center.

Mga Palingkuran ng Pagsuporta sa Kapansanan Pagkatapos ng Edukasyong Segundaryo

Ang pagtransisyon mula sa mataas na paaralan patungo sa mas mataas na edukasyon ay maaaring maging isang mahirap na proseso.

Magiging tulad ba ito ng mataas na paaralan? Saan ako magsisimula? Saan ako pupunta para makakuha ng tulong? Ang mga suporta ba dito ay magiging tulad ng mga suporta sa mataas na paaralan? Magiging bahagi ba ng palingkuran para sa pagpapalano ng suporta ang aking

mga magulang ? Ito ang mga katanungang karaniwang itinatanong ng mga batang adultong may kapansanan kapag naghahanda sila para sa mga kolehiyo. Ang impormasyong matatagpuan sa ibaba ay tumutugon sa ilan sa mga katanungang ito. Mayroon ding isang patnubay para sa pagpapalano na nilimbag ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos. Makukuha ito sa internet sa www.ed.gov.

Mga Pagkakaiba ng Mataas na Paaralan at ng Kolehiyo

- **Magpapatuloy ba ako sa pagkakaroon ng isang Individualized Education Program (IEP)?**

Hindi. Ang Individuals with Disabilities Act (IDEA) ng taong 2004 ay nag-aatas na magkaroon ng IEP ang isang mag-aaral na may kapansanan. Subali't ang mga kolehiyo, mga paaralang pangpangangalakal, o mga pamantasan ay hindi nasasakop sa ilalim ng IDEA. Ang mga paaralan ito ay pinangangasiwaan ng isang kabuuan ng ibang mga batas pampederal kabilang ang Americans with disabilities Act o ADA (Batas para sa mga Amerikanong may kapansanan) at ang Seksyon 504 ng Vocational Rehabilitation Act (Batas para sa Rehabilitasyong Pang-bokasyon). Ang mga katungkulan ng mga kolehiyo, mga paaralang pangpangangalakal, at mga pamantasan ay higit na naiiba sa mga katungkulan ng mga mataas na paaralan. Ang pinakamahalagang pagkakaiba ay makikiharap lamang ang mga paaralan ng edukasyong mas mataas sa edukasyong sekundaryo sa batang adulto at hindi sa kanyang magulang. Ang batang adulto ay magkakaroon ng mas maraming responsibilidad bilang mag-aaral sa kolehiyo. Ang mga batas na ito ay nag-aatas na maging responsibilidad ng batang adulto ang paghiling ng mga palingkuran at pagpiprisinta ng mga naaangkop na dokumentasyon ng kapansanan. Kinakailangang aktibong kabahagi ang batang adulto sa proseso.

- **Makakakuha ba ako ng mga parehong akomodasyon tulad ng mga tinanggap ko sa mataas na paaralan?**

Hindi awtomatiko. Hindi magpapatuloy ang IEP sa paaralan pagkatapos ng mataas na paaralan. Pagpapasiyahan ng paaralan ng mas mataas na edukasyon ang mga akomodasyong tatanggapin ng naturang mag-aaral kapag narepaso na ang dokumentasyon at naipon na ang impormasyon.

Pagtanggap ng mga Palingkuran sa Kolehiyo

- **Saan ako pupunta para sa mga palingkuran?**

May mga tauhan ang bawa't paaralan ng mas mataas na edukasyon na tumutulong sa mga mag-aaral na may kapansanan. Ang mga tauhang ito ay matatagpuan sa Disability Support Services Office o DSS (Tanggapan para sa mga Palingkurang Pansuporta ng Kapansanan). Upang makatanggap ng mga akomodasyon sa pag-aaral at/o iba pang mga palingkuran, kinakailangan munang **magprisinta ng sarili** ang batang adulto sa tanggapan ng DSS. **Responsibilidad** ng batang adulto ang makipag-usap sa paaralan ng mas mataas na pag-aaral tungkol sa mga kinakailangang suporta.

- **Kailan ako dapat humiling ng mga palingkuran?**

Bagama't maaaring humiling ang batang adulto ng mga akomodasyon mula sa mga paaralan ng mas mataas na edukasyon sa anumang panahon, inirerekomenda na makipag-kita ang batang adulto sa tanggapan ng DSS sa pinakamadaling panahon at nang hindi lalampas sa isang buwan pagkatapos ng simula ng semestre. Ang pag-aayos ng mga palingkuran at mga akomodasyon ay nangangailangan ng panahon. May mga akomodasyong akademiko na maaaring mangailangan ng mas mahabang panahon kaysa

iba. Hindi kailanman isinasagawa ang mga akomodasyon nang pabalik. Hindi dapat maghintay ang batang adulto na dumating ang mga kahirapan sa pag-aaral.

- **Anong mga Dokumentasyon ang kailangan kong ibigay?**

Itinatakda ng mga paaralan ang mga makatwirang pamantayan para sa dokumentasyon. May mga paaralang maaaring humiling ng mas maraming dokumentasyon kaysa iba, pero lahat ng mga paaralan ay mag-aatas na magprisinta ang batang adulto ng dokumentasyon na inihianda ng naaangkop at kwalipikadong propesyonal. Katungkulan ng batang adultong bayaran ang anumang mga gastos na may kinalaman sa pagkuha ng mga kinakailangang dokumentasyon. Kabilang sa mga mahahalagang bahagi ng dokumentasyon ang:

- Isang pahayag na diyagnostiko na nagsasaad ng kapansanan.
- Isang paglalarawan ng pamamaraang ginamit para sa pagsuri.
- Isang paglalarawan ng mga kasalukuyang limitasyon sa pamumuhay na may kaugnayan sa mga kapaligirang akademiko at residensyal.
- Isang paglalarawan ng mga inaantabayanang paglala o pagtatag ng kapansanan.
- Isang paglalarawan ng mga kasalukuyan at nakaraang akomodasyon, palingkuran at/o gamot.
- Mga rekomendasyon para sa mga akomodasyon, mga pantulong na kagamitan, mga pantulong na palingkuran, mga estratehiyang pantumbas, at/o mga kadamay na mga palingkurang pansuporta.

Bagama't maaaring makatulong ang isang IEP para mapag-alaman ang mga palingkurang naging mabisa, hindi ito karaniwang sapat na dokumentasyon para sa isang paaralan ng mas mataas na edukasyon.

Pagtanggap ng mga Akomodasyon sa Paaralan ng Mas Mataas na Edukasyon

- **Anong mga akomodasyon ang ipinagkakaloob?**

Ang mga akomodasyon ay mga pagbabago sa mga akademikong kahilingan na kinakailangan upang masiguro ang pantay-pantay na kakayahan ng paggamit sa mga batang adulto na may kapansanan. Maaaring kabilang sa mga makatwirang akomodasyon ang mga sumusunod:

- Karagdagang panahon para sa mga pagsusulit
- Mga libro na naiiba ang anyo
- Mga tagapagsalin ng wikang gumagamit ng senyas
- Mga screen reader (teknolohiyang pambasa)
- Voice recognition (teknolohiyang kumikilala ng boses)
- Iba pang nakatutulong na teknolohiya;

Makikipag-ugnay ang tanggapan ng DSS sa batang adulto para ayusin ang mga makatwirang akomodasyon.

Hindi maaaring ipagkaloob ang isang akomodasyon kung magiging dahilan ito ng mahalagang pagbabago sa programa ng kurso. Hindi pinahihintulutan ang pagwawaksi ng kinakailangang program ng kurso. Ang mga mag-aaral na may kapansanan ay **kinakailangang** tumugon sa mga kahilingan ng programa ng pag-aaral upang makapagtapos.

Para sa karagdagang Impormasyon:

Link (kawing) sa Employment Information Pertaining to Job Seekers with Disabilities (Impormasyong Pang-empleyo na may Kaugnayan sa mga Taong may Kapansanan na Naghahanap ng Trabaho):

www.dllr.state.md.us/employment/disabilities.shtml

Listahan ng mga Lokal na One Stop Center:

www.dllr.state.md.us/county/

Ang Tungkulin ng Magulang sa Pagpapalano para sa Pagtransisyon

Ano ang magagawa ng mga pamilya para makapaghanda para sa pagtatalakay tungkol sa transisyon?

Maaaring maghanda ang mga pamilya para pag-usapan ang pagtransisyon at ang mga palingkuran na maaaring kailanganin ng kanilang anak sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- Kausapin ang kanilang anak tungkol sa kanyang mga interes at kagustuhan kaugnay sa mga kasalukuyang aktibidad at mga aktibidad pagkatapos ng pag-aaral. Lahat ng mga pagpapalano ng transisyon ay binabatay sa mga interes at kagustuhan ng mag-aaral.
- Makipag-ugnayan sa paaralan para mapaunlad ang mga kakayahan ng mag-aaral na magtanggol sa sarili.
- Kilalanin ang mga ahensiyang isinasalarawan sa patnubay na ito.
- Bigyang buhay at suportahan ang mga pangarap ng kanilang anak para sa kinabukasan.
- Tulungan ang kanilang anak na maghanda para sa pagpupulong ng pangkat pang-Transisyon ng IEP sa pamamagitan ng pagtulong sa pagsasaayos ng kanyang mga pananaw tungkol sa kung ano ang gusto niyang gawin pagkatapos ng kanyang pag-aaral.
- Magtago ng isang talaang pantahanan ng mga impormasyong pantransisyon. Maaaring kabilang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod ang mga nilalaman ng talaang pantahanan:
 - ☐ Ang mga pinakahuling IEP ng bata;
 - ☐ Impormasyong gagamitin para makipag-ugnayan sa ahensiya ng palingkurang pang-adulto
 - ☐ Ang Exit Document (dokumento ng pagtatapos) ng bata (na makukuha sa panahon ng pagtatapos);
 - ☐ Ang Supplemental Security Income (SSI) at impormasyon ukol sa Medicaid (kung naaangkop) ng bata;
 - ☐ Mga kopya ng lahat ng mga pagtatasa at pagsusuri ng bata;
 - ☐ Mga balangkas ng panahon ng aplikasyon ng ahensiya; at
 - ☐ Mga kasulatan tinanggap mula sa mga ahensiya.

Ang Tungkulin Ng Mag-Aaral Sa Pagpapalano Ng Transisyon

Ang pagpapalano ng transisyon ay tumutulong sa mga mag-aaral na may kapansanan na magtakda ng mga sariling layunin para sa pag-aaral na mas mataas sa edukasyong sekundaryo at bumuo ng mga programang batay sa edukasyon na aakay sa kanila patungo sa mga layuning iyon. Ang pagpapalano ng transisyon ay para sa mag-aaral at kung hindi kasama ang kanyang mga ideya sa proseso ng pagpapalano, hindi ito magiging matagumpay. Upang maghanda para sa proseso dapat gawin ng mag-aaral ang mga sumusunod:

- Pag-usapan ang kanilang mga interes kasama ng kanilang mga magulang. (Anu-ano ang mga kasalukuyang kinagigiliwan nilang gawin, hindi kinakailangang kung ano na pinaplano nilang gawin pagkatapos ng pag-aaral.)
- Magsiyasat ng mga larangan ng empleyo;
- Maghandang maging mistulang manananggol para sa kanilang sarili sa mga pagpupulong ng Pangkat ng IEP (magsanay nang kasama ang kanilang mga magulang at/o guro.); at
- Magtanong sa pagpupulong ng Pangkat ng IEP (Anong ibig mong sabihin kapag sinasabi mo mayroon akong kapansanang nakakaapekto ng pag-aaral? Kinakailangan ko bang ipaalam sa aking taga-empleyo na nahihirapan akong magbasa?)

Ang Proseso ng Pagtransisyon: Pakikipag-ugnay sa Ahensiya

Maaaring mangailangan ang inyong anak ng mga palingkurang pang-adulto para matamo ang kanyang mga layunin pagkatapos ng mataas na paaralan kaugnay sa empleyo, mas mataas na pag-aaral, pagsasanay at sariling pamumuhay (kung naaangkop). Bilang resulta, kailangan niyong isagawa ang mga nararapat na koneksiyon bago lisanin ang paaralan nang sa gayon ay walang mga puwang sa serbisyo. Kung ibibigay niyo ang inyong pahintulot, may isang kinatawan ng paaralan na tutulong sa inyong iugnay ang inyong anak sa mga nararapat na tagapaglaan ng serbisyo. Katungkulan niyong kumpletuhin ang proseso ng aplikasyon. Bilang isang adulto, magiging katungkulang ng inyong anak na siguraduhing tumatanggap siya ng mga kinakailangang serbisyo.

Ang Patnubay para sa Pagpapalano ng Transisyon ay nagkakaloob ng impormasyon tungkol sa mga potensyal na palingkurang pang-adulto. Nagtataglay ang patnubay ng impormasyon tungkol sa mga pamantayan ng pagkamarapat at natatanging proseso ng pakikipag-ugnayan ng ahensiya. Ang impormasyon na ito ay makakatulong sa inyo at sa inyong anak habang sinisimulan niyo ang proseso ng pagtransisyon at pakikipag-ugnayan sa mga palingkurang pang-adulto.

Ang pagrerepaso ng Patnubay para sa Pagpapalano ng Transisyon ay ang unang hakbang sa proseso ng pakikipag-ugnayan sa nararapat na ahensiya. Ang Patnubay ay nagkakaloob ng impormasyong kinakailangan upang makapili ng tamang ahensiyang makakatulong. Ang tauhan ng paaralan ng inyong anak ay makakapagbigay sa inyo ng impormasyon para makipag-ugnayan sa mga lokal na tanggapan at iba pang impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon.

Ang pagtanggap ng Patnubay para sa Pagpapalano ng Transisyon ay nagsisilbi bilang unang ugnayan sa mga ahensiya ng palingkurang pang-adulto. Ang pagmumudmod ng Patnubay na ito ay bahagi ng proseso ng pagpapalano ng transisyon at ang pirma ninyo sa pormularyong ito ay magpapatunay ng pagtanggap ninyo ng naturang Patnubay.

Pangalan ng Mag-aaral: _____

Lagda ng Mag-aaral: _____

Lagda ng Magulang/Tagapatnubay: _____

Petsa: _____

Lokal na Sistemang Pampaaralan: _____

Maryland State Department of Education
Division of Special Education/Early Intervention Services
200 West Baltimore Street, 9th Floor
Baltimore, Maryland 21201
www.MarylandPublicSchools.org